Pilipino Star NGAYON
20 PAHINA

Serye ng seminar laban sa breast cancer

Marami ang nag aakalang ang breast cancer ay maari lamang makuha sa mga babaing may asawa at mga kababaihang may edad na. Malinaw din na madami ang mga nag aakalang mga babae lamang ang nagkakaroon ng ganitong karamdaman.

And lahat ng ito ay maling akala. Babae man or lalaki, may edad o katayuan sa buhay at lipunan. Ay maaring tamaan ng sakit na ito.

Taglay ang paniniwalang ang kaalaman at maagang deteksyon ay ilan sa mabisang paraan upang mapababa ang kaso ng breast cancer sa bansa, ang Philippine Foundation for Breast Cancer Care, Inc. (PFBCI) at Philippine Wacoal Corp. ay magkatuwang na nagsusulong ng mga kampanya at proyektong naglalayong ipamahagi ang mahahalagang isyu at impormasyon tungkol sa breast cancer.

Bilang paggunita ngayong Oktubre bilang Breast Cancer Awareness Month at sa pagpapatuloy ng kampanya laban sa breast cancer, ang PFBCI at Wacoal ay naglunsad ng ikalawang taon ng "keep abreast" campaign. Ang "Keep Abreast" ay gaganapin bukas, Okt. 14 alas 2 ng hapon sa Asian Institute of Management sa Makati at sa Okt. 21, alas-9 ng umaga sa Philippine Stocks Exchange sa Ortigas.

Ang seminar ay libre at bukas sa publiko.

Para sa reservations at inquiries, tumawag lamang sa Wacoal Customer Service Hotline 884-1517 o mag email sa philwacoal@wacoal.ph. Ang mga interasado ay pinapayuhang tumawag para sa reservations.